Labanan ang atake sa trabaho, karapatan, proteksyon at serbisyo!

SCRAP MC-04!

Sa pamamagitan ng bagong Memorandum Circular No. 4 ng Philippine Overseas Employment Administration o POEA, haharap tayong mga OFWs sa pagkawala ng trabaho, higit pang pagpapahirap ng mga recruiter at lalo pang pagpapabaya ng pamahalaan sa ating kapakanan.

Tuluyan nang tinanggal ng gobyerno ang direct hiring ng OFWs. Ang direct hiring o name hiring ay proseso kung saan direktang nakikipag-ugnayan ang OFW sa employer at hindi na dumadaan sa recruiter. Isa ito sa mga paraan ng pagkuha ng trabaho abroad.

Noong 1994, ipinatupad ng POEA ang MC-41 na nagbawal sa direct hiring. Mariin itong tinutulan ng mga migranteng Pilipino lalung ng mga OFWs sa Hong Kong sa ilalim ng koalisyong Samahan laban sa Katiwalian ng mga Recruitment Agencies at Patakarang MC-41 o SKRAP MC-41. Dahil sa sustinidong kampanya, napilitan ang gobyerno na isawalang-bisa ang MC-41 para sa mga migrante sa Hong Kong.

Ngayon sa POEA MC-04, islogan ng proteksyon na naman ang pinangangalandakan ng pamahalaan.

Nang tanggalin ang MC-41 sa Hong Kong noong 2001 sa pamamagitan ng Department Order No. 11, sinabi rin ni dating DoLE Sec. Patricia Sto. Tomas na para daw ito sa proteksyon. Ngayong ibabalik ang esensya ng MC-41, proteksyon pa rin ang kanilang binabanggit. Binibilog na naman ng gobyerno ang ulo natin!

Hindi na bago ang pakanang pagbabayad ng "bonds". Noong 1991 ay ipinatupad ng gobyerno ang Mandatory Insurance and Repatriation Bond o MIRB na pinababayad sa mga OFWs. Tinutulan rin natin ito kaya nawala noong 1992. Ngayon naman, sa employer naman gustong kumita ng gobyerno sa pamamagitam ng "bonds" muli.

Binabawi sa atin ngayon ang mga tagumpay natin. Walang pakundangan pang pinagmayabang ni Labatt Salud sa panayam sa kanya sa radyo noong Miyerkules na ang MC-04 daw ay para sa ating kapakinabangan. Kasinungalingan!

Sa masusing pagsusuri ng polisiya at sa mismong karanasan nating mga migrante, makikita na:

1. Mawawalan ng trabaho ang marami sa atin dahil sa MC-04

Ayon sa bagong pakanang ito, ang mga employer na gustong mag-direct hire ay kailangang magbayad ng repatriation bond na US$5,000 at performance bond na katumbas ng tatlong buwang sweldo. Kung sa employer ng mga DH dito sa Hong Kong, tumataginting na HK$50,000 ito!

Kung sa praktikalidad at halaga ng babayaran ang pag-uusapan, mayroon ba talagang employer na magbabayad ng ganito kalaki? Bukod pa sa bayarin na ito ang dagdag pang kalituhan, abala at haba ng pagpo-proseso ng kontrata. Tiyak na mag-uurungan ang mga nakalinyang employer natin.

Resulta nito, ang mga OFWs na nagre-recontract lamang sa parehong employer o kaya naman ay nagpo-proseso ng bagong kontrata sa ibang employer – finished contract o terminated – ay mawawalan pa ng trabaho.

SUMAMA SA PROTESTA LABAN SA MC-04!

Feb. 10, Linggo

2:00 PM, Chater Rd

(2:00 - 3:00 pm kitaan. Martsa ng alas-3)

Martsa papunta sa Konsulado. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan kina Dolores Balladares (97472986) o Eman Villanueva (97585935) ng UNIFIL-MIGRANTE-HK

2. Kasinungalingan ang sabihing proteksyon ang ibibigay ng MC-04

Gustong palabasin ng POEA na ang problema ng mga migrante ay ang direct hiring.

Kung titingnan ang estadistika ng mga kasong hinawakan ng Mission for Migrant Workers (MFMW), higit na mas marami ang mga OFWs na dumaan sa mga ahensya. Sa mga kliyente ng MFMW, 96% ang nakaranas ng problema sa kanilang mga employer.

Saan hinugot ngayon POEA ang sinasabi nilang kapag sa ahensya ka dumaan ay mas protektado ka? Kailan na tayo na-proteksyunan ng mga ahensya?

Sa ating karanasan nga, hindi tumutulong ang mga ahensya kapag nagkaka-problema ang mga migrante. Kalakhan ng tulong sa mga mayroong kaso ay nagmumula sa mga kapwa natin OFW, sa mga organisasyon ng mga migrante at sa mga institusyong may programa ng pagkalinga sa mga OFWs.

Ang ginagawa ng mga ahensya sa mga may problema ay idini-diretso sa airport para pauwiin o kaya naman ay ipapasa sa Konsulado na wala ring sasabihin kundi umuwi ka na lang o wala na silang magagawa. Kadalasan, kailangan pa ng tulak ng mga organisasyon o mga institusyon para kumilos ang Konsulado.

Nakakarindi na ang islogan ng proteksyon na laging ginagamit ng gobyerno kapag mayroong bagong pakana na gusto itong ilusot. Hindi ba't ito rin ang ginamit nila para balutan ng pampaganda ang POEA Guidelines noong isang taon na nagtakda ng requirement ng training? Hanggang ngayon ay pinapasan pa rin natin ang dagdag na bayarin na dala nito.

3. Palalalain pa ng MC-04 ang overcharging ng mga ahensya

Buong-buo tayong ipinapaubaya ng gobyerno sa mga ganid na recruitment agencies.

Sa kaso ng MFMW, 80% ng mga dumaan sa ahensya ay nagbayad ng lampas sa maximum na pwedeng singilin ng agency. Mula dito, 25% ay nagbayad ng P60,000 – P100,000.

Tiyak na magpi-pyesta ang mga ahensya dahil lahat ng OFWs ay kailangan na ngayong dumaan sa kanila. Tiyak na sisirit pang lalo ang mga kaso ng overcharging na nagbabaon sa marami sa atin sa utang at syang pinagmumulan ng marami sa ating mga problema.

Ilan na sa atin ang na-terminate dahil sa hindi makabayad sa utang na nag-ugat pa sa malaking binayaran sa ahensya?

Sa halip na epektibong suhetuhin ang overcharging at illegal recruitment, nilulubog pa tayo ng gobyerno sa lalong kapahamakan at paghihirap.

4. Sa MC-04, naghuhugas-kamay ang gobyerno sa kanyang responsibilidad sa OFWs

Matagal nang gustong tanggalin ng pamahalaan sa kanyang balikat ang responsibilidad nito sa migranteng Pilipino.

Deregulasyon ng migrasyon ang paraan ng pamahalaan para panatilihing papalaki ang kita nya sa industriya ng labor export habang ipinapasa naman sa recruiter o employer ang proteksyon at serbisyo sa mga OFWs.

Tubong-lugaw nga naman ang pamahalaan – kita mula sa buwis at bonds ng recruiter, kita mula sa bayarin ng employers, kita sa singilin at remitans ng mga OFWs.

Ito ang isang mayor na aspeto ng Magna Carta for OFWs noong 1995 na malawakang tinutulan ng mga migrante. Kamakailan lamang, tinanggal sa batas ang Articles 29 and 30 na syang direktang nagde-deregularisa sa recruitment at serbisyo.

Kung tutuusin pala, binabali ng gobyerno ang mismo nitong batas.

Wala nang pagpapanggap ang pamahalaan. Hindi kailanman nito isinasaalang-alang ang kapakanan ng mga OFWs.

Huwag tayong magpaloko sa MC-04. Hatid nito sa atin ay sagad-sagaring delubyo. Hindi mapapaganda ng anumang reporma ang isang polisiyang bulok sa esensya.

Walang anumang buting pwedeng idulot ang MC-04 sa kalagayan ng migrante na sa ngayon ay lalo pang papahirap dahil sa hindi na sumasapat na sweldo, pagbaba ng halaga ng ating remitans, at patuloy na pagtaas ng singilin sa Pilipinas.

Scrap MC-04! Lutasin ang overcharging! Sapat at kongkretong serbisyo at proteksyon sa mga OFWs!

Ito ang ating panawagan. Ito ang ating laban.